# PAGLILINYA, PAGHIHIMAY, PAGDUDUGTONG: MGA PROSESO NG PAGHAGILAP SA BAGO AT EKSPERIMENTAL

VLADIMEIR B. GONZALES
*Editor*

**Paglilinya**

Noong 2 Abril 2016, nag-upload ang manunulat na si Angelo Suarez ng Facebook status, tungkol sa pagsusulat at pagiging manunulat sa kasalukuyan. Sa partikular, hinahamon niya ang mga makababasa sa status na tukuyin ang mga kapwa manunulat na nakikipagsabwatan sa administrasyon ni Pangulong Benigno "Noynoy" Aquino III. Sa artikulasyon ni Suarez, isang "teroristang pamahalaan" ang adminstrasyon ni Aquino, isang pamunuang mapanupil at agresibo sa paggawad ng dahas sa mga mamamayan nito:

> "We need to start making a list of the poets who have chosen to attach themselves to the fascist elitism of the Liberal Party, whose technocratic careers are being funded by taxes extorted from the very people this regime oppresses.
>
> Fellow poets must not only beware of the rabid complicity--if not aggression--of their peers, but remember the names of those we must hold accountable for affiliating themselves w/ poetry despite standing w/ the fascist elite.
>
> They have either stood in silent agreement w/ the terrorist gov't that backs them up w/ machinery or foamed at the mouth in active promotion of its violence.
>
> To name them is not only to burn bridges, but to build bridges toward the people who matter."

Isang araw bago maisulat ni Suarez ang status, nagkaroon ng bayolenteng dispersal sa mga magsasakang nagsagawa ng kilos-protesta sa Kidapawan, North Cotabato. Tugon ito ng pulis at lokal na pamunuan

sa panawagan para sa pagkain ng humigit-kumulang anim na libong magsasaka, para sa kanilang mga pamilyang tinamaan at napinsala ng El Niño. Sa panawagan para sa bigas, ang naging sagot ay bala at dahas. Sa inisyal na ulat, agad na naitala ang tatlong namatay, isang daan at labing-anim na nasugatan, at walumpu't walong nawawala mula sa hanay ng mga magsasaka. Binansagan ng ilang grupo ang insidente bilang masaker, kawangis ng mga pagpaslang ng mga magsasaka sa Hacienda Luisita at Mendiola. Sa social media, lumitaw ang panawagan sa imbestigasyon at pagtulong sa anyo ng #BigasHindiBala.




**Figure 1.** Larawan para sa panawagan na "Bigas Hindi Bala." Nakuha mula sa Philippine Task Force on Indigeous People's Rights

Sa parehong araw ng pagsulat ni Suarez ng FB status, nagsulat din sa kaniyang FB account si Mikael Co—isa sa mga manunulat na pinangalanan ni Suarez bilang manunulat ng Liberal Party—ng kaniyang pagbasa sa sitwasyon sa Kidapawan. Kahit hindi ito direktang tugon sa naisulat ni Suarez (sa ibang contact nag-ugat ang kaniyang paghahayag), may pag-uugnay din sa mga usaping may kaugnayan tungkol sa paglilinya ng mga manunulat sa panahon ni Aquino:

> "Which brings me to the sentiment which prompted me to post the Vicky G status. The lens that most people are viewing this from is humanitarian. Totoong may aspect namang ganun -- pero kung yun lang ang aspect, dapat di ba ang daling mag-usap. Engage, find ways to work within rules, find compromise or workable solution. Pero, yun nga, hindi lang humanitarian ito: May dahilan kung bakit hindi lang North Cot residents ang isinama (dineceive na sumama?) sa mobilization. Kasi nga alam na tali ang LGU sa pagrespond-- hindi puwedeng basta mamigay ka ng bigas sa hindi mo constituents. Ang mga nasa gobyerno, gets na gets yan. Nakakatakot ang COA. Nakakatakot magrealign nang basta-basta."

Ang status ni Co ay isang tugon kay Rowie Azada-Palacios, guro ng Pilosopiya sa Ateneo de Manila University, na may kaugnayan sa pag-repost ni Co sa Facebook ng isang status naman mula kay Victoria P. Garchitorena (binabanggit ni Co bilang si "Vicky G.," dating pangulo ng Ayala Foundation, Inc., tungkol sa insidente sa Kidapawan:

> "Read the Inquirer account today. The Kidapawan "rally" was clearly staged by the Reds to make Duterte look like a hero. He was set to arrive there Monday to distribute rice. His Cotabato Gubernatorial candidate Manny Pinol is the one running his internet troll army. The posted video interview of one "protester" has the guy saying they were brought in jeepneys by Red organizers and promised that they will receive rice. Turn on CC of the video to get Tagalog subtitles. Got reports from the ground that 2 policemen had gunshot wounds from the "protesters." The civilians who died actually suffered trauma from rocks and bear no bullet wounds, as erroneously reported. It appears

> that the whole thing was staged by Duterte's Red allies solely for political gain. This is how much they value human life, it seems. Nothing more than cannon fodder.
>
> NO TO NPA CODDLER! NO TO NPA TAXES! NO TO FOUL-MOUTHED WOMANIZER! NO! NO! NO!"

Katulad ng status ni Garchitorena/ Vicky G., may pagdidiin din si Co na ang mga magsasaka'y naloko lamang para sumama sa mobilisasyon. Ipagpapatuloy ni Co ang ganitong diskusyon sa kaniyang status:

> "Again, hindi lang humanitarian, pero dapat silipin ang political aspect. Orchestrated mobilization ito. Yung mga alam ang diskarteng kaliwa, gets ito. Agitate, Organize, Mobilize. Hanapin ang chokepoints ng bureaucracy. Kailangang idiin na ang motivations nito ay at least equal parts political and humanitarian, perhaps the former even moreso than the latter. Coincidence ba na ang NPA anniversary ay March 29, at nagsimula ang blockade ng madaling araw ng March 30? Annual ritual na ang mass mob pag anniv nila; don't get me started on that. May mga police reports na -- I think they're collating lang for a single narrative statement -- na isa sa mga casualties, positive for parafin. May reports ng putok galing sa side ng rallyists. May slugs ng .38 at .45 sa area; 9mm ang standard issue sa police. May nahuling NPA commander. Point being: I think unfair sa lahat ang simplistic "bigas hindi bala" sentiment, kasi sa totoo lang, ginagawa naman ang lahat para ibigay ang "bigas" e. Higit pa. Sino ba talaga ang nagdala ng pangyayari sa "bala"? Kapag hinubad ang drought assistance aspect nito, doon tayo mauuwi: There are political agendas at work behind this. Vicky G's post doesn't even begin to paint the entire picture."

Bukod sa malinaw na pagkakabit ng insidente bilang orkestrasyon ng New People's Army ("Sino ba talaga ang nagdala ng pangyayari sa 'bala?'")--at dahil doon, tila nilulusaw ang pagiging balido ng demonstrasyon at panawagan--nasa tonong malaobhetibo ("disinterested" ayon sa ThinkingPinoy.net) ang buod ng kritisismo sa mga punto ni Co. Hindi rin nabibigyan ng tahasang pag-amin o pagkilala sa status ang pagsisilbi niya bilang speechwriter ng LP presidential candidate na si Mar Roxas mula 2008-2010, at ang pagiging bahagi naman ng Presidential Communications Development and Strategic Planning Office sa administrasyong Aquino:

> "The Presidential Communications Development and Strategic Planning Office (PCDSPO) is an attached agency of the Office of the President, created by Executive Order No. 4, which was signed by the President on July 30, 2010.
>
> The Office is mandated to provide strategic communication leadership and support to the Executive Branch, all agencies and instrumentalities of government, and to lead the strategic communication of government through the formulation and enforcement of a National Communications Policy to ensure coherence of messages, as well as open and extended channels of communication between government and the people."

Samantala, si Suarez naman ay nag-post ng mga serye ng Internet meme na maaaring basahin bilang puna sa mga post nina Co at Garchitorena na inililipat ang sisi sa mga makakaliwang grupo, na ikinakabit din sa pangalan ng New People's Army:




**Figure 2.** Mula kay Suarez, isang halimbawa mula sa meme series na ipino-post niya sa kaniyang Facebook account. Ginamit ang isa pang pinasikat na meme tungkol sa imbentong FB events, gaya ng "Suntukan sa Ace Hardware."

Kung anuman ang papanigan ng mga nakabasa at nakibalita sa isyu, tama naman ang sabi ni Co—politikal ang usapin, politikal at hindi simplistiko. Hindi lamang ito isyu ni Suarez at Co. Hindi lamang usapin ng Kidapawan. Tulad nina Suarez at Co, may mga manunulat na kinikilala ng mga institusyon bilang "manunulat," silang may mga kaniya-kaniyang malikhaing publikasyon, silang nakalahok sa mga lokal at internasyonal na palihan at patimpalak, silang mga naging bahagi ng mga organisasyong manunulat, silang pumasok sa iba pang direksiyon bukod o pagkatapos ng kanilang pagiging malikhaing manunulat. Sa proseso, nagkakaroon ng mga pagpapatindi sa paninidigan, o pagbabago ng mga pananaw. Sa proseso, hayagan man o hindi, lumulugar ang bawat isa na kaalyado o katunggali ng mga namamayaning pananaw at puwersa. May materyal na basehan (bigas, bala) ang makinarya ng kapangyarihan na lumulutang sa mga estruktura ng pagpapakahulugan (balita, FB status, hashtag, iba pang paghahayag), at umiiral ang lahat nang nakaugnay sa bawat isa. Manunulat sa manunulat, manunulat sa iba pang mga sektor sa lipunan, iba pang sektor sa iba pang mga tao at tauhan. Sa ganitong konteksto hinulma/hinuhulma itong espesyal na isyu ng Daluyan—ang paghagilap sa larawan ng tao sa lipunang Pilipino, kasama ng mga bakas ng kaniyang pagiging tao o ang paglalaho nito.

## Paghihimay

Espesyal ang isyung ito ng Daluyan dahil nakapokus ang journal sa pagtipon ng mga malikhaing akda sa kauna-unahang pagkakataon sa halip na mga kritikal na sanaysay at iba pang artikulo. Isang antolohiya ng mga malikhaing akda sa Filipino, na umuusisa sa bago at eksperimental.

Ang pagbibigay ng larawan at kahulugan sa pagiging tao sa tulong ng mga bago at eksperimetal na tula, kuwento, sanaysay at iba pang anyo. Paano ba kakathain ang bago at eksperimental sa panahon ng Kidapawan massacre, sa lipunang may mga matutukoy na manunulat para at kontra sa estado? Ano bang anyo ang pinakaangkop? Ano ba ang mga pananda ng pagbabago at eksperimentasyon?

Inaalingawngaw ng mga kuwento nina Suarez at Co ang mga tala ni Dr. Rolando Tolentino—manunulat, kritiko at co-editor ng isyung ito—kaugnay ng mungkahing tindig sa bago at eksperimental.

Sa artikulong "Ang Bago at Eksperimental sa Kasalukuyang Panitikan" (isang artikulong naisulat ni Tolentino noong 1999, na muli niyang pinagmunihan at pinalawak sa epilogo ng isyung ito), proseso ng mga ugnayan ang pag-unawa sa bago at eksperimental. Walang estriktong bago o luma, wala ring lubos na tradisyonal at eksperimental. Wala na sa panahon nito ang lumilitaw na pagbabago at pag-eeksperimento mula sa pagdedesisyon na ang mga umiiral na anyo at nilalaman sa kultura. Hindi na angkop sa panahon at sitwasyon. Isang aktibong paghahayag sa pamamagitan ng panulat na may angkop na hulmahan sa kasalukuyan; na may mga usaping mas swak himayin at talakayin sa ngayon, sa mga anyong mas nababagay at mas nararapat sa ngayon.

Nagiging komplikado ang nasabing pagdedesisyon dahil kaakibat din ng proseso ng paglikha sa bago ang proseso ng talaban sa pagitan ng mga sektor na inaalagaan ng sentro, at ang mga sektor na naisantabi—o sa salita ni Tolentino, ang mga "disenfranchised." Maaaring magpaalagwa ang mga sentro ng mga kilusang pampanitikan na lampas sa pansariling interes, pero sa mas maraming pagkakataon, nagagamit ang pagkasentro para sa pagpapanatili ng mga dominanteng kapangyarihan. Ang mga disenfranchised, maaaring manatiling disenfranchised. Ngunit may bakas ng pag-asa sa nasabing disenfranchisement. Sa pagtataya ni Tolentino, dito pangunahing magmumula ang makatwirang eksperimentasyon at pagluwal ng bago sa paghahayag, danas, at pag-unawa sa panitikan. Ang pagbibigay-boses sa nagigipit, sa panahong hindi tumitigil ang mga makinarya ng estado sa panggigipit, sa pagpapatahimik. May naisantabi, kaya nag-eeksperimento, upang makapagpalaya.

Naroon ang digmaan. Sa kasaysayang palaging umaandar, sabay na naglilingkisan at pumipiglas sa bawat isa ang sentro at ang nasasagilid. At saan ba makikita ang mga bakas ng lingkisan-piglasang ito sa nakaraang isa o dalawang taon?

Exciting, kapana-panabik ang pagkalap ng mga posibleng bago at eksperimental na akda dahil sa pagkarami-rami at pagkayaman-yamang balon ng karanasan sa ating malapit na kasaysayan. Halimbawa, lampas isang taon na simula noong ma-file at maaprubahan ang hiling para sa Temporary Restraining Order laban sa CHED Memo 20, Series of 2013. Isang maliit na tagumpay ang TRO na ito sa pagpigil sa Commission on Higher Education na magpatupad ng mga pagbabago sa General Education sa kolehiyo,

na sa pinakabuod ay pumapatay sa mga kurso at pagpapahalagang may kaugnayan sa kasaysayan, sa kultura, sa wikang Filipino. At sa gitna ng munting tagumpay ng TRO, patuloy pa rin ang pagpapatupad ng early retirement packages sa mga guro sa Filipino at Panitikan sa iba-ibang mga pampubliko at pribadong institusyon, habang hindi pa rin napipigil ang pag-andar ng mga pagbabago sa ilalim ng K-12 program ng administrasyong Aquino.

Sa UP Diliman, nagpapatuloy ang paggigiit sa mas maraming bilang ng required General Education units, pagkat hayag man o hindi, umaayon ang Unibersidad sa mga pagbabagong ipinatutupad ng CHED, kasama ang pagbabawas ng subject na GE sa kolehiyo. Sa mga mungkahing pagbabago, kasama sa nakaambang panganib ang pag-alis sa required na kurso sa Filipino. Kung magtuloy-tuloy ang mga mungkahing pagbabago, maaaring magkaroon ng mga susunod na henerasyong hindi malay sa kasaysayan at mga pakikipagsapalaran upang maisabatas at maitaguyod ang pambansang wika.

Sa popular na kultura, napasimulan ni Antoinette Jadaone ang trend ng "hugot movies" sa tulong ng kaniyang pelikulang "That Thing Called Tadhana." Ang script nito'y nagwagi ng Ikatlong Gantimpala sa Gawad Carlos Palanca para sa Dulang Pampelikula noong 2014, naisapelikula sa Cinema One Originals sa parehong taon at naipalabas sa mga mainstream na sinehan noong 2015. Sa tulong ng pelikulang ito, naging uso ang paghihimutok sa mga nawalang relasyon at mga nabigong romantikong pagtatangka. Posibleng nakatulong ang popularidad ng "That Thing Called Tadhana" para maka-pagtrabaho si Jadaone sa teleseryeng "On the Wings of Love." Bukod sa teen stars na sina James Reid at Nadine Lustre, itinampok din ng teleserye ang manunulat at spoken word artist na si Juan Miguel Severo. Gaya ni Jadaone, naging popular din si Severo sa kaniyang mga modang may hugot. May koleksiyon siya ng mga viral na video kung saan itinanghal niya ang mga piyesang tulad ng "Ang Huling Tula na Isusulat Ko Para Sa'Yo [sic]." Maaaring ang popularidad na tinanggap nina Jadaone at Severo ang nagbigay-daan sa paglilimbag ng huli ng mga koleksiyon ng kaniyang tula, at sa pagtatawid ng sining ng pagtula sa isang mas malawakang audience.

Viral video din ang naging susi ni Maine Mendoza para maging bagong host ng noontime show na *Eat Bulaga*. Mula sa kaniyang mga panggagaya sa app na *Dubsmash*, aksidenteng nag-click ang pagtatambal sa kanila ng artistang si Alden Richards. 2015 din nabuo ang *Kalyeserye*, tampok ang tambalang *AlDub*. Hindi lamang naging popular na pang-aliw ang penomenal na kasikatan ng AlDub kundi paksa ng mga kritikal na pag-aaral. Mahalagang isaalang-alang ang mga ito at ang mga kaugnay na balita't usapin. Hindi ba't sa nakaraang Carlos Palanca Memorial Awards, nagwagi si Charmaine Mercader Lasar, isang *Wattpad* writer, sa kategorya ng nobela sa Filipino?

Sa usapin ng publikasyon at copyright, nagsampa ng demanda sina Noelle Q. de Jesus, Mookie Katigbak-Lacuesta at ang Anvil Publishing laban kay Adam David para alisin ni David ang Website na gumamit ng teksto mula sa librong *Fast Food Fiction Delivery*, antolohiya ng mga maiksing-maiksing kuwento

sa Ingles. Inakusahan si David ng apat na kaso ng copyright infringement na may bayad na 150,000 piso at pagkakakulong nang isa hanggang tatlong taon sa bawat kaso. Ang mga ito ang kanilang naging basehan sa kaso ng infringement: 1. reproduction right, 2. other communication to the public of the work, 3. publisher's right, at 4. moral rights. Sa manifestong *Order in the Food Court*, itinuring ang demanda bilang anyo ng pagpapatahimik. Kasama ang ilang sipi mula sa court order, inilatag din ng manifesto ang mga posibleng implikasyon ng demanda:

> 1. Implies an unwillingness to participate in the kind of discourse that is necessary to the development of literary practice, even if and specially when such engagements are informed by negative critique;
>
> 2. Exhibits a disregard for literary practices that have persisted over the past 500 years, specially in the light of copyist tendencies and the aesthetics of collage as evident in Cervantes's Don Quixote, T.S. Eliot's The Waste Land, to the Conceptualists of the late 20thcentury;
>
> 3. With its emphasis on how David's violation of copyright allegedly "erod[es] the integrity of every short story in the book," is based on an outdated notion of author as singular, original, and propertied, hence reducing the work solely into a commodity and diminishing the agency of the reader by turning her into a mere consumer;
>
> 4. Rather than encouraging discussion, demonstrates instead censorship through intimidation and harassment; in effect, by taking the legal (read: costly) route, the conflict between various aesthetic and creative viewpoints deteriorates into a battle of financial resources."

Sa huli, ang pag-alis sa Website na naglalaman ng mga piling teksto sa nasabing antolohiya ang naging rekurso ni David:

> "***HMS*** was also intended to be a continuation of my critical and creative practice: one of my main branches of critical and creative exploration of the last ten years is what I call *drawing the infinite from the finite*, a development of my interest in Constrained Writing. For every project that I do, I give myself strict, pseudo-mathematical rules to guide their creation. For ***HMS***, the rules were to gather roughly two hundred and seventy two sentences from sixty eight stories, have them randomly assemble in groups of four sentences each, potentially resulting in upwards of twenty million new stories.
>
> I maintain that ***HMS*** is well within the territory of Fair Use. I maintain that the process from ***Fast Food Fiction Delivery*** to ***Hi Ma'am Sir*** was thoroughly transformative, resulting in absolute, doubtless, and significant difference between the two, to the point that one will never be confused for the other. I maintain that the spirit of the project has been and always will be literary criticism, as exercised creatively. I maintain that I have never earned a centavo from ***HMS***, and I never will. The decision to delete ***HMS*** is strictly motivated by nothing more than personal economic realities."

Samantala, lumaganap din ang trend na #NasaanAngPangulo noong Enero 2015, dahil sa pagliban ni Aquino sa heroes' welcome ng SAF 44 at pagdalo naman sa isang pagtitipon sa factory ng Mitsubishi. Ipinaglaban at pinaglabanan ang pagliligtas sa OFW na si Maryjane Veloso mula sa bitay noong katapusan ng Abril—mula #SaveMaryJane patungong #MaryJaneLives hanggang #Ingrata at #FiringSquadforCeliaVeloso. Nasunog ang 74 manggagawa sa Kentex Factory noong Mayo. Nagrali




**Figure 3.** Instagram photo mula kay User Vindita, via Rappler.

at dinahas ang mga manggagawa sa Tanduay sa parehong buwan. Noong Oktubre, naglakbay ang mga lumad papunta sa Maynila upang ipalaganap ang mga kaso ng dahas at pagpaslang dulot ng militarisasyon sa mga alternatibong paaralan ng katutubo sa Mindanao. Ilan lamang ito sa mahaba at masalimuot na listahan ng mga karanasang hinahanapan ng paglulugar, ng pagbibigay ng tinig, ng paglilinaw ng mga pagpapanig.

## Pagdudugtong

Nagsimula ang antolohiya sa isang simpleng panawagan—mga akdang nagmumunimuni tungkol sa bago at eksperimental, na nakasulat sa Filipino at nasa konteksto ng danas na Pilipino. Bukod sa bilang ng tula at dami ng pahina para sa mga akdang prosa, hindi na ginawang sobrang espesipiko ang panawagan. Mula sa mga nagsumite, bumuo ng inisyal na listahan ang patnugutan, na ipinadala naman sa magkakaibang referee. Gaya ng detalye sa panawagan, walang partikular na checklist sa batayan ng eksperimental o bago; hinayaan ng patnugutan ang mga referee na aprubahan o tanggihan ang mga akda. Magkahalong pagsaalang-alang sa artistic license at limitasyon sa panahon ang dahilan ng paglimita sa mga akda sa usapin ng "yes" o "no." Ibinubukas ang proseso para makita ng mambabasa na bahagi lang ng mahabang paghahanap at pagtatasa sa mga susunod pang antolohiya ang mismong koleksiyon. Na ito'y isang umaandar at hindi ganap na ganap nang bisyon.

Bukod sa mga akdang isinumite, nagsagawa rin ng dalawang panayam ang espesyal na isyu ng *Daluyan*. Una, kay Dr. Victor Emmanuel Carmelo Nadera, Jr., makata, performance artist, guro sa UP Diliman at kasalukuyang punong-guro sa Philippine High School for the Arts. Kilala si Dr. Vim Nadera sa paghahalohalo ng magkakaibang genre sa kaniyang mga pagtatanghal, gayon din sa pagtuturo ng mga susunod na henerasyon ng manunulat at artistang may pagkiling sa eksperimentasyon. Kaakibat ng panayam ang isa pang Q and A sa magkakaibang manunulat mula sa magkakaibang institusyon. Kabilang

sa palitang ito si Angelo Suarez, ang mga manunulat na sina Ferdinand Pisigan Jarin, Joselito de los Reyes, at Allan Derain. Kasama sa panayam sina Jay Jomar Quintos at John Barrios na may mga malikhaing akda ring napili sa isyung ito. Interesanteng mabasa ang mga akda at pananaw ng grupo ng mga manunulat na ito, mga kritiko at bestseller, mga artistang lumilikha para sa print at iba pang medium, mga guro at manggagawa sa corporate world. Halo-halong karanasan para sa tulong-tulong na pagtitimbang sa estado ng Filipino, panitikan, malikhaing pagsulat, pagiging bago at pagiging makabuluhan sa lipunang Pilipino.

May ilang akda na dumadaloy sa popular na kultura—gaya ng *Kung nakakain lang ang hashtag...* ni Kim Kimberly Derla, *Jestoni Vortex Sutra* ni Andrian Legaspi, at Man vs. Self ni Maria Nikka Policarpio, mga akdang pare-parehong nagtitimbang sa kabuluhan at katuturan ng mga trend na may kaugnayan sa popular na media. Hinahamon ng mga akda ang paghalukay sa pagpapamudmod ng iba-ibang uso sa kasalukuyan. Mas konserbatibo ang kay Derla sa anyo ng pagmumuni-muni, samantalang lumulubog sa mismong wika ng kulturang popular at Internet culture, isang bokabularyong durog-durog, hindi sumusunod sa lohika ng gramatika, maaaring repleksiyon din ng pagkakaputol-putol sa panahong mas madali dapat na ang pagdudugtong-dugtong ang kay Policarpio. Ayon nga kay Policarpio, "Wow. Such unique. Very wow. 9GAG. 9-Gago." Pinadaan ang panggagago ni Legaspi sa pagkutya sa kulturang mall at Henry Sy, at shoutout din sa mga pelikula at artista ng Seiko films, gayon din sa tulang *Ang mga Kagila-gilalas na Pakikipagsapalaran ni Juan de la Cruz* ni Jose F. Lacaba (Kilala si Lacaba para sa kaniyang *Days of Disquiet*, *Nights of Rage* at sa mga tulang bumabatikos sa ng Batas Militar noong Dekada Sitenta).

Prominentesamgainirekomendangakda ang intertextuality at pagtatangkang tumawid o maglaro sa magkakaibang tinig, atake, genre. Gaya ng panulat ni Legaspi, may impluwensiya rin ang ibang mga nauna nang manunulat sa mga manunulat na bahagi ng isyung ito. May himig na mala-Rolando Tinio ang *Normal Encounter* ni Ivan Emil Labayne, himig na hinaluan ng imahen ng prostitusyon, kontraktuwalisasyon at pag-aaklas. Naglalaro sa mga mito at alamat ang mga tula naman nina Louise Vincent Amante at Jeric Jimenez na ihinahalo sa mga isyu ng diktadurya at desaparecidos, mga naglaho at pinaglalaho pa ng mga alternatibong istoryang nila-like at shine-share sa *Twitter* at *Facebook*. Binagtas ni Epifanio San Juan, Jr. ang Ayala at Ortigas, at sa kaniyang panulat, maliit pa sa alamang ang tao, tinatangay ng merkado at ng popular na panlasa. Ang kasalukuyang danas ng mga Manobo sa mga paaralan ng Alternative Learning Center for Agricultural and Livelihood Development, Inc. o ALCADEV ang isiniwalat ni Maricristh Magaling sa tulong ng mga pamahiin, kuwentong-bayan at awit ng mga katutubong pinaksa. Tampok din sa espesyal na isyung ito ang mga tula ng manunulat ng *Agos sa Disyerto*, si Rogelio L. Ordoñez. Kasama sa mga tula ni Ordoñez ang *Panatang Makabayad*, isang pagkutya sa mga nasa sentro ng kapangyarihang bulsa at hindi bayan ang tanging interes. Matingkad na halimbawa ang pagsasanib sa anyo ng *Panatang Makabayan* at sa paksa

ng korupsiyon sa malaking ambag ni Ordoñez mula noon hanggang sa hinaharap. Isang napakahalagang pamana ang kaniyang mga akda para sa mga mambabasang maiiwanan niya sa kaniyang pagyao nitong ika-19 ng Mayo. Mananatiling buhay ang kaniyang panulat at diwa.

Samantala, nagdudugtong, lumiliko-liko at lumulusaw (depende sa kung sa anong anggulo sisilipin) ang piyesang *Ilang Tala at Talababa Hinggil sa Pangungulila* ni Jay Jomar Quintos. Mahirap mawari sa piyesa kung anong partikular na genre ba ang pinapasok ng kaniyang proyekto. Isang sanaysay bang malakuwento, o inimbentong salaysay na mukhang totoong buhay? May literal na bahagi ang pag-iimahen ng hugot ni Quintos. Mula sa ilalim ng lantad na istorya ng dalawang J sa piyesa (ang hayag na istorya, ang katawan ng tekstong malaman at isinesentro), mahuhugot naman sa mga talababa ang mga kuwentong hindi masabi sa mas lantad, mas sentral na teksto. May akademikong himig ang salaysay, akademiko pero sentimental, personal. Ang dalawang J, maaaring pagdudahan kung dapat pa bang palamanan ang mga detalyeng hindi na pinuno — buong pangalan, seksuwalidad, at kung ano-ano pa — o dapat nang makontento ang tagabasa sa mga puwang na kailangan niyang punuin. Isang demonstrasyon ng pangangapa sa pangungulila, sa pamamagitan ng anyo. Ang pangungulila kay Quintos ay may sistema, nakakubli ang ugat pero mahahanap kung alam kung saan dapat tumingin, o kung may sapat na pakikiramay at pakikialam ang magbabasa.

Interogasyon sa mga institusyon o/at pananda ng pagpapakahulugan ang dinadaluyan ng mga akda nina Mesándel Virtusio Arguelles, Allan Popa, U Z. Eliserio at Dennis Andrew S. Aguinaldo. Pagtitimbang sa mga tauhan ng bibliya, partikular kay Hesus, ang kay Arguelles; paaralan at mga pamahiing pambata naman ang kay Popa. Interesanteng timbangin kung nasaan ang guhit na naghihiwalay sa diyos at sa tao, sa tao at sa unggoy, sa tao at sa iba pang tinatrato bilang mas maliliit na nilalang, silang parang mga kutong kay daling tirisin bagaman mahirap lipulin. Baka may pagkakataong di kayang pantayan ng mga diyos ang kakayahan ng mga malakutong nilalang. Parehong diksyonaryo/lexicon ang instrumentong ginamit nina Eliserio at Aguinaldo. Talasalitaan ang moda ng *Excerpt mula sa Diksyonaryo-Gabay sa mga Gawa ni Berry Manansala, Mulang "Baguio" hanggang "Butas na Malaki,"* katalogo ng mga salitang lumilihis sa tradisyonal na daloy ng kuwento pero nasubukan na rin ng ilang mga manunulat gaya nina Eli Guieb at Adam David. Maaaring basahin ang mga akdang nasa parehong moda at tingnan ang gawang ito ni Eliserio, bilang patikim at pagtatasa sa kaniyang mas malaking proyekto. Isang posibleng pagsubok naman sa integridad ng kahulugan ang isinagawa ni Aguinaldo. Sa pagbabali-baliktad ng mga salita sa panulat ni Monico Atienza, sa pagpapalit ng pagkakaayos nang walang idinaragdag o ibinabawas, paano nagbabago o nananatili ang orihinal na intensyon ng manunulat. O, sa pagbabaligtad ng mga salita ni Atienza, yumaong progresibong guro at manunulat na naging bahagi rin ng UP Departamentong Filipino at Panitikan ng Pilipinas, nagiging makabayan pa rin ba ang progresibong akda? Paano sa kabaligtaran, halimbawa'y magsulat ang alagad ng sining ng akdang sumusuporta sa isang marahas at

mapang-abusong pinuno—opresyon pa rin ba ang lilitaw gaano man ito bali-baligtarin?

Isang personal na paglalakbay at komprehensibong kasaysayan at kritika naman ang naiharap ni Dr. Rosario Torres-Yu sa kaniyang *Sa Pagitan ng Pabrika't Pamantasan: Ang Pakikipagsapalaran para sa Katwiran at Kabuluhan ng Isang Maralitang Tagalunsod.* Isang pagbagtas ang piyesa sa kasaysayan ni Torres-Yu bilang manunulat at kritiko, kasabay ng kaniyang mga personal na danas bilang bata, mag-aaral, mangingibig, aktibista, guro at administrador. Kasabay nito, masisilip ang kasaysayan ng pagpapayaman ng wika at panitikan sa Unibersidad ng Pilipinas, maging ang reapirmasyong karapat-dapat na gamitin sa pagsisilbi para sa bayan ang lahat ng kultural na kapital hanggang sa abot ng makakaya, mula pagluwal hanggang magretiro.

Mababasa rin sa espesyal na isyu ang personal na paborito ng inyong lingkod — ang *Putol na Tulay* ni John E. Barrios. Sa kuwento ni Barrios, ginamit na imahen ang gasgas nang eksena sa napakaraming lugar sa Pilipinas, lalo kapag nalalapit ang panahon ng eleksiyon — ang pagpapagawa ng tulay. Puwang ang putol na tulay sa kuwento na dulot ng pagmamalabis ng mga taong umaastang diyos. Sa magkakahalong blog entries, balita, larawan, at mito, naging malinaw ang usapin ng kapangyarihan. Kalaban ang mga gobernador na pineperahan ang pagpapatayo ng tulay. Hindi rin kakampi ang kasosyong dayuhang kompanyang kakuntsaba ng gobernador. Sa kuwento ni Barrios, pinapatay, sinusugod ng itak ng mga manggagawa ang mga ganitong tauhan. At sa huli, hindi dugo ang dadanak mula sa bangkay ng mga diyos-diyosan, kundi "sensil. martilyo. bakal. kabilya. pulgadera. lagare. alambre. martilyo. kahoy. pako. balde. bato. buhangin. semento. kahoy. piko, pala, aspalto." Mga kasangkapan ng taumbayan, babawiin ng taumbayan para sa taumbayan, habang sumisigaw ng "Sa atong provincia, ro kwarta hay ginapiko ag ginapala!" (Sa ating probinsya, ang kuwarta ay pinipiko at pinapala!)

Ibinubukas ng *Daluyan* ang isyung ito para sa pagkilatis ng mga mambabasa, sa gabay ng mungkahing pagbasa sa ano ba ang inaasahan sa bago at eksperimental. Exciting, kapana-panabik ang pagkalap ng mga akdang ito, lalo't nasa punto ang bansa ng pagpapalit-bihis. Mapapalitan ng bagong pamunuan ang dating administrasyon. Habang may kaba sa lumalaganap na #ChangeIsComing, may ligalig na dulot ang lampas 13,000,000 bumoto sa isang Marcos para sa posisyon ng Bise Presidente. Habang nagmamatyag at nagtitimbang sa mga sorpresa ng bagong pangulo, sana'y magsilbing babala at panawagan ang edisyong ito ng *Daluyan*. Gaya ng sabi sa kwento ni Barrios, walang diyos na pahihintulutang makita ng hamak na tao ang pagkabuo ng mga tulay. Kaya dapat tao ang lumikha at kumatha, dumurog at humalukay sa mga katotohanan hanggang sa mapagdugtong ang mga dapat pagdugtungin, hanggang sa matagpuan ang kayamanan. Malayo pa ito sa tanaw, marami pang kulang kahit kung titingnan ay parang maraminang nagawa. Kailangang magsikap, huwag magpagupo sa pagod at paglimot. Patuloy na lumikha, at magtimbang. At lumikha at magtimbang.

## SANGGUNIAN


Co, Mikael D. "Rowie, feel ko dapat mas maraming makabasa, post ko ito as status ha. In response to "is aid reaching farmers" and other aspects of the Kidapawan incident..." Web. 2 Abril 2016. Facebook. <https://www.facebook.com/mikael.co/posts/10154745924488047>

David, Adam. thirty minutes or less. 19 Abril 2015. Web. Na-access 22 Mayo 2016. <http://himaamsir.blogspot.com/ >

Cruz, Conchitina. "Order in the Food Court." The Curious Couch. 18 Abril 2015. Web. Na-access 22 Mayo 2016. <https://curiouscouch.wordpress.com/2015/04/18/order-in-the-food-court/>

Garchitorena, Victoria P. "Read the Inquirer account today. The Kidapawan "rally" was clearly staged by the Reds to make Duterte look like a hero..." Web. 2 Abril 2016. Facebook.<https://www.facebook.com/victoria.p.garchitorena?fref=nf>

Manilakbayan ng Mindanao 2015. Web. Na-access 22 Mayo 2016. <http://www.manilakbayan.org/>

Presidential Coomunications Development and Strategic Planning Office. "About the PCDSPO." Presidential Coomunications Development and Strategic Planning Office. Web. Na-access 23 Mayo 2016. Web. <http://pcdspo.gov.ph/about/>

Rappler Social Media Team. "#NasaanAngPangulo tops worldwide Twitter trends." Rappler. 29 Enero 2015. Web. Na-access 23 Mayo 2016. Web. <http://www.rappler.com/technology/social-media/82359-nasaan-ang-pangulo-trends>

Suarez, Angelo. "Walang hindi isisisi ang hacienderong rehimen ni Noynoy Aquino sa NPA, kung hindi man sa kabuoan ng Kaliwa...." Web. 5 Abril 2016. Facebook. <https://www.facebook.com/photo.php?fbid=10153556132336239&set=a.38.117547.701371238&type=3&theater>



*Si Vladimeir B. Gonzales ay guro ng panitikan, kulturang popular, at malikhaing pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kasalukuyan siyang kumukuha ng PhD Filipino: Pagsasalin. Nagsusulat siya ng mga pagsasalin at adaptasyon ng dulang pang-entablado. Ilan sa mga dulang naisulat niya ang devised piece na "We Choose to Go to the Moon," sa ilalim ng Project Mayheim Productions na naisaentablado sa Fringe Manila Arts Festival noong Pebrero 2016, at ang "Meta: mga Aralin sa Pagsasalaysay" na itinanghal sa ilalim ng UP Dulaang Laboratoryo. Makikita ang ilan pang mga akda at larawan niya sa vladgonzales.net.*

_______________. "We need to start making a list of the poets..." Web. 1 Abril 2016. Facebook. <https://www.facebook.com/gelo.suarez/posts/10153549162171239>

Thinking Pinoy. "Mar Roxas' ows Speechwriter Admits Gov't Incompetence. " Thinking Pinoy. 3 Abril 2016. Web. Na-access 22 Mayo 2016. Web. <http://www.thinkingpinoy.net/2016/04/bigashindibala-mar-roxasown.html>

Wayas, Maybelle. "Food, not bullets! (A Statement on the Kidapawan Massacre)." Philippine Task Force on Indigenous People's Rights. 6 Abril 2016. Web. Na-access 22 Mayo 2016. <http://philtfip.org/2016/04/06/food-not-bullets-a-statement-on-the-kidapawan-massacre/>